

PROLOGUE

“O, ano’t para kayong namatayan diyan?” bungad ni Marlyn sa dalawang kaibigang nakaupo sa kani-kanilang kama. “Hoy! Narinig n’yo ba ako?” ulit nito.

Tumingala si Judy kay Marlyn na noon ay tumabi na sa dalaga sa kinauupuan. “Ito kasing si Wynnie—” turo nito sa kanya.

“Huwag!” sansala niya.

“Bakit?” takang tanong ng bagong dating. “Ah, huwag kayong ganyan. Kapag ako’ng may problema, sinasabi ko sa inyo. Hindi ako naglilihim,” nagtatampong sabi nito na sumimangot pa at biglang tumayo.

“Hindi sa gan’on, Marlyn. Medyo masyadong personal kasi ito kaya—” simulang paliwanag ni Wynnie.

“Kaya hindi n’yo ako mapagkakatiwalaan, gan’on? Okay lang. Ganyang wala pala kayong tiwala sa akin, di sige, maglihiman na lang tayo.”

Ang totoo, atubili ang dalawang dalaga na magtapat kay Marlyn dahil may kadaldalan ito.

Sina Wynnie at Judy ay magkaibigan simula pa sa high school hanggang sa kasalukuyang graduating na sila sa college. Nag-aaral sila sa *St. Louis University* sa Lungsod ng Baguio. Si Wynnie ay kumukuha ng Mass Communications samantalang si Judy ay Bachelor of Arts major ni Economics.

Noong isang taon lang nila nakasama sa boarding house si Marlyn na nakilala nila sa isang minor subject. Kumukuha naman ito ng A.B. Philosophy. At gaya nila, graduating na rin ito.

“Sus! Nag-drama ka pa. Sige na nga, sasabihin na namin nang tumigil ka na diyan,” sabi ni Judy. “Ano, Wynnie? Sasabihin ba natin sa bruhanang ito?” baling nito sa kanya.

Hindi siya sumagot. Tumungo siya dahil nararamdaman niyang malalaglag na naman ang kanyang mga luha.

“Hey, what’s happening?” Umupo si Marlyn sa tabi niya.

“May problema. Nag-asawa na si Resty,” paliwanag ni Judy.

“Ha! Paano nangyari iyon?” takang tanong nito. “Di ba, kagagaling lang ni Resty rito noong isang linggo? Ang saya-saya n’yo pa nga nang mamasyal

kayo sa *John Hay*. Nakita ko kayo n'on."

Tuluyan nang inilabas ni Wynnie ang sama ng loob pagkarinig sa pangalan ng boyfriend. Pumalahaw siya ng iyak.

"Hey, cheer up! Sino ba siya para iyakan mo," alo ni Marlyn habang hinahaplos ang kanyang likod.

"Mahal ko siya," sabi niya sa pagitan ng pag-iyak.

"Ang kaso, hindi ka niya mahal," singit ni Judy.

"Oo nga naman. Bakit siya nagpakasal sa iba kung mahal ka niya?"

"Pinilit siya ng kanyang mga magulang. Alam n'yo naman noon na simula pa'y ayaw na nila sa akin dahil hindi kami kasing-yaman nila. Unlike Cara, mayaman na, maganda pa," sisinghut-singhot niyang sagot.

"Gaga! Kung mahal ka niya talaga, dapat ay ipinaglaban niya ang pagmamahalan n'yo. Wala pala siyang buto, eh. Saka huwag na huwag mong nilalait ang sarili mo. Lumaban ka," galit na sabi ni Marlyn.

Umiyak na naman si Wynnie.

"Tumigil ka nga d'yan. Mugto na 'yang mga mata mo sa kaiiyak. Dapat huwag mong ipakitang talunan

ka,” pampalakas-loob na dugtong ni Marlyn. “Mabuti pa, gimmick na lang tayo.”

“Hoy! Baka nakakalimutan mong exams na natin sa isang linggo,” sabi ni Judy.

“Kaya nga tayo lalabas ngayon dahil next week, sasabak na tayo sa laban. Besides, wala na naman tayong requirements na ihahabol,” pangungumbinsi nito.

“Kunsabagay. Sige, call ako,” sang-ayon ni Judy.

Ngumiwi naman si Wynnie.

“Ang KJ mo naman!” biro ni Marlyn.

“Sumama ka na, Wynnie, para kahit papaano’y makalimutan mo’ng problema mo,” susog na rin ni Judy.

At hindi na siya tinantanan ng dalawa hanggang sa mapapayag siya ng mga ito.

Kinagabihan, napilitang magbihis si Wynnie upang sumama sa mga kaibigan. Humantong sila sa *Spirits Disco*.

Marami nang mga taong sa loob. Nag-uunahan ang mga ito sa pagsayaw sa saliw ng maharot na

tugtog.

Malungkot na pumuwesto si Wynnie sa upuang nasa bahaging dulo ng disco. Malayo iyon sa dance floor kaya may kadiliman pero malinaw niyang natatanaw ang mga nagsasayawan.

“Tara na. Sayaw tayo,” yaya ni Marlyn sa kanila na halatang sayaw na sayaw na.

“Magpahinga muna tayo. Para ka namang langgam diyan na hindi makapaghintay ng bibiktimahin,” puna ni Judy. Umupo ito sa tabi ni Wynnie.

“Kaya nga tayo nandito para magsaya,” sagot nito. “Halina nga kayo. Ang dami nang tao sa dance floor. Wala na tayong place kapag hindi pa kayo tatayo.” Hinila pa sila ni Marlyn para tumayo.

“Kayo na lang,” tanggi ni Wynnie.

“Paano mo makakalimutan ang Resty na iyon kung hindi ka magsasaya? Kaya nga tayo nandito,” pagtataray na naman ni Marlyn.

“Please, just go. Don’t worry about me. Sige na; papanoorin ko na lang kayo mula rito.” Tumango siya at itinaboy ang dalawa.

“Ikaw na lang kayang mag-isa ang sumayaw, Marlyn?” mungkahi ni Judy na napipilitang tumayo

sa kinauupuan. Nag-aalala kasi ito na iwan ang kaibigan.

“Ano ka? Di para akong sira na sumasayaw d’yan. Buti sana kung may kakilala ako dito.”

“Sige, samahan mo na si Marlyn, Judy,” sabi ni Wynnie. “Huwag mo akong alalahanin. I’ll join you later.”

Nagpaubaya na rin si Judy.

Pagkaalis ng mga ito ay sinenyasan ni Wynnie ang isang waiter at nag-order ng tatlong *margarita*. Isinama na niya ang dalawang kaibigan sa in-order.

Sinimsim niya ang laman ng kopita. Hindi siya sanay uminom kaya sinisimsim lang niya iyon hanggang sa maubos.

“Bigyan mo pa ako ng isa,” utos niya sa dumaang waiter. Iniikut-ikot niya ang baso habang pinapanood ang mga kasama na nagyuyugyugan sa dance floor.

Parang kailan lang, silang dalawa ni Resty ang palaging magkasama sa lakaran, nagpaplano para sa kanilang kinabukasan at kasal.

Napakasakit. Sobrang sakit ang kanyang nararamdaman. Pagtingin niya sa kopita ay mukha ng kanyang nobyo ang nasa loob niyon, ngumingiti—

ngiting siyang bumihag sa kanyang puso.

Pumikit siya, mariin. Ngunit nandoon pa rin ang nakangiting mukha ng lalaki pagdilat niya.

Tinungga niya ang laman ng kopita. Gumuhit ang init niyon sa kanyang katawan, nagpapagaan sa kanyang pakiramdam. Parang biglang nawala ang gabundok niyang problema.

Nang mamataan niyang masayang nakikipag-sayawan sina Judy at Marlyn sa dalawang lalaki ay binalingan ang *margarita* na para sa mga ito. Nagkibit-balikat siya at ininom ang laman ng isang kopita. Akmang isusunod niya ang pangalawang kopita nang may pumigil sa kanyang kamay.

“Sino ka?” matigas niyang tanong sa lalaking nasa kanyang harapan.

Lalaking-lalaki ang porma nito. Crew cut ang gupit ng buhok at nakauniporme na blue. Na-recognize niya ito bilang isang kadete ng *PMA*.

“Nainip ka ba kaya sunud-sunod ang paglagok mo ng alak?” sarkastikong tanong nito sa baritonong boses.

Nalito si Wynnie sa narinig. “Ano?”

Hindi na nasagot ng lalaki ang tanong niya dahil

papalapit na si Judy sa kanilang mesa. Naiwan naman si Marlyn sa dance floor.

“Hi! Do you know him?” tanong ni Judy sa kaibigan. Umupo ito sa mesa kasama ang partner nito.

“Yeah,” maagap na sagot ng lalaki.

“I’m Judy and he’s Anthony,” pakilala ng dalaga sa sarili at sa kasama. “You’re....”

“Chad,” maikling tugon nito.

“Wynnie, are you all right?” tanong ni Judy nang makitang pulang-pula ang mukha ng kaibigan.

“O-oo,” lupaypay niyang sagot.

“Sasayaw lang kami. Please excuse us,” hinging paumanhin ni Chad.

Tumango si Judy.

“Come on.” Hinila ng lalaki si Wynnie patayo sa upuan.

At dahil tinamaan na ang dalaga sa alak na nainom, muntik na siyang mabuwal sa pagkakatayo. Mabuti na lang at nasagip siya ng lalaki. Sumandal siya sa matipunong dibdib nito.

“Inum-inom ka, hindi mo naman pala kaya,” sabi nito. Inalalayan siya nito hanggang sa makarating sila sa dance floor.

Napatingin si Wynnie sa mukha ng kasayaw. Galit ito. Hindi niya alam kung bakit.

Pumailanlang ang malamyos na tugtugin. Hinapit siya ng lalaki sa baywang. At dahil lasing, nagpaubaya lang siya.

Mayamaya ay bumulong ito sa kanya. “Nasa labas ang kotse ko.”

Hindi niya pinansin ang sinabi nito.

Ilang sandali pa ay nagsalita ulit ito. “Tara na.” Hinila siya papunta sa pintuan.

Kumaway si Wynnie nang mapatingin sa kinaroroonan ng mga kaibigan upang magpasaklolo pero napagkamalan ng mga ito na nagpapaalam na siya upang umuwi.

Kumaway rin sina Judy at Marlyn, nanunukso pa ang mga mata.

Tuluyan na siyang naakay ng hindi niya kilalang lalaki sa labas ng *Spirits Disco*. Itinulak siya nito papasok sa loob ng kotse at pagkuwa’y pinaandar na iyon.

Wala siyang lakas para tumutol. Talagang lasing na siya. Pakiramdam niya ay para siyang idinuduyan nang naglalakbay na sila. At hindi niya napigilan ang makatulog.

Nagising si Wynnie sa halik sa kanyang labi pababa sa kanyang leeg.... Pababa nang pababa.

Nakikiliti siya sa sensasyong dulot ng halik na iyon—halik na humihingi ng pagtugon. At marubdob na tumugon naman ang kanyang labi sa halik nito at pati ang kanyang katawan. Ang gaan ng kanyang pakiramdam. Para siyang nasa langit.

Kung nananaginip siya, ayaw na niyang bumalik sa katotohanan.

Nang biglang may kumirot sa pagitan ng kanyang mga hita. Napahiyaw siya sa sakit pero saglit lang dahil kaluwalhatian ang sumunod.

Hinalik-halikan siya ng lalaki, pinapawi ang sakit na kanyang nararamdaman. Hanggang sa igupo na siya ng antok.

Parang binibiyak ang ulo ni Wynnie paggising niya. Masakit ang kanyang katawan. Pakiramdam

niya ay may mabigat na bagay na dumagan sa kanya. Giniginaw siya. Pagtingin niya sa kanyang kanan ay nagulat siya sa nakita.

May katabi siyang nakahiga sa kama. Lalaki, hubo't hubad.

“Oh, my God!” sambit niya nang makitang siya man ay hubo't hubad din. Para siyang binuhusan ng isang baldeng malamig na tubig. Nanigas siya.

Biglang rumehistro sa kanyang isip ang mga pangyayari sa disco.

Bumaling siya sa mukha ng lalaki. Guwapo ito, maamo ang mukha. Nakangiti pa ito habang naghihilik. Nakadantay ang isang kamay nito sa baywang niya habang ang hita nito ay nakapatong sa kanya.

Pinakiramdaman niya ang sarili. Natigagal siya at saka impit na napaiyak nang maisip ang nangyari. Dahan-dahan niyang inalis ang mga nakapatong na kamay at hita ng lalaki sa kanyang katawan. Bigla itong gumalaw. Tumigil siya. Tumalikod ito. Nakahinga siya nang maluwag. Nagmamadaling pinulot niya ang mga nagkalat na damit at saka nagbihis.

Minsan pa ay tinapunan niya ng tingin ang lalaki

bago umalis.

Nilakasan ni Wynnie ang pagkatok sa pintuan. Wala siyang pakialam kahit magmamadaling-araw na.

“Ano’ng nangyari sa iyo?” tanong ni Marlyn sa kanya na siyang nagbukas ng pintuan ng kuwarto nila. Pupungas-pungas pa ito; mukhang katutulong lang. “Akala nami’y umuwi ka na kaya umuwi na rin kami.”

Si Judy ay plastado na sa higaan.

“Wala. Nasiraan kami ng kotse,” pagsisinungaling ni Wynnie. Humiga na siya sa kama.

“Nasaan si Chad? Inihatid ka ba rito?” pangungulit ni Marlyn.

Chad pala ang pangalan ng mapagsamantalang lalaking iyon, sabi niya sa isip. “Umuwi na,” sagot niya. “Sige, matutulong na ako.” Ipinahalata niyang ayaw na niyang pag-usapan ang nangyari nang gabing iyon.

Nagkibit-balikat si Marlyn at saka na bumalik sa higaan.

Babalikan Ko Ang Akin - Chelsey Ledesma

Kinabukasan ay tinanong siya ulit ng dalawang kaibigan tungkol sa nangyari pero wala pa rin siyang ipinagtapat sa mga ito. Sinabi na lang niyang dati niyang boyfriend si Chad bago si Resty para hindi na magtaka ang mga ito kung bakit basta na lang siyang sumama sa lalaki.

At nag-graduate sila sa college na hindi na naangkat pa ang kanyang lihim.

1

“I’m assigning you, Miss Sebastian, to cover this story.” Itinuro ng editor-in-chief nila ang headline sa pahayagang nasa ibabaw ng mesa nito.

Natuwa si Wynnie sa narinig. Parang umaayon sa kanya ang suwerte. Ang headline na in-assign sa kanya ng boss nila ay isang malaking balita. Mga prominenteng pamilya sa bansa ang biktima ng isang karumal-dumal na pagpatay. At kapag nagkataon, iyon ang daan upang makilala siya bilang mahusay na field reporter.

“Thank you, Mr. Flores,” sabi niya, nasa mukha ang kagalakan.

“I trust in your capability, Miss Sebastian, that’s why I’m giving you this assignment. I hope you do your best,” prangkang sabi nito pero nakangiti pa rin.

“Hindi ko kayo bibiguin, Sir,” kumpiyansang sagot niya.

Tumangu-tango ang matandang lalaki. Inalis pa nito ang makapal na salamin para sipatin siyang mabuti. “I hope so,” sabi nito.

Ngumiti siya.

“Off you go, Miss Sebastian,” taboy nito sa kanya.

“Thank you ulit, Sir,” sabi niya rito bago umalis sa silid-tanggapan nito.

Pagdating sa puwesto ay inangat niya ang telepono at may pinindot na numero. “Judy, si Wynnie ’to,” bungad niya.

“O, ba’t umagang-umaga’y napatawag ka?”

“Binigyan ako ng break ng boss ko. Ako ang magko-cover sa balita tungkol kilalang mag-asawang pinatay kahapon. At kapag naging successful ito, malamang ay ma-promote ako,” masaya niyang balita.

“Good luck. I know you’ll do good,” sabi nito.

“Thank you. Sige, magkuwentuhan na lang tayo mamaya. I have to go. ’Bye.” Ibinaba ni Wynnie ang telepono.

Kinuha niya ang camera, ballpen at maliit na notebook. Inayos niya ang mga gamit bago umalis ng opisina.

Masiglang nilakad ni Wynnie ang daan papunta

sa paradahan ng bus patungong Ortigas. Pupuntahan niya ang lugar na kinaganapan ng krimen, sa *Corinthian Gardens*. Pagkatapos ay dederetso siya sa presinto para alamin ang development ng kaso. Tututukan niya iyon hanggang sa malutas ang krimen.

Nadatnan niyang nasa labas ng bahay ang isang lalaki. Papaalis na ito.

Nagmamadali niya itong nilapitan. “I’m Wynnie Sebastian, a reporter of *Truth* newspaper,” pakilala ng dalaga sa sarili.

“Kung pumunta ka rito upang magtanong at husgahan kami ng kapatid ko na may kinalaman sa pagkamatay ng parents namin, mabuti pa’y umalis ka na!” maanghang na sabi ng lalaki. Binuksan nito ang pinto ng kotseng nakaparada.

Napatanga siya sa tinuran nito. Pero saglit lang dahil mabilis niya itong hinabol. Nakaupo na ito sa driver’s seat ng kotse. “Reporter ho ako, Sir, hindi imbestigador. I’m not here to interrogate you but to simply ask you some questions about the case,” kalmadong sabi niya.

“Sorry. Wala akong oras.” Pinaandar na ng lalaki ang sasakyan.

“Pero puwede ko ho naman siguro kayong

makausap some other time,” pagbabakasakali pa rin niya.

Tiningnan siya nito, parang tinatantya siya. “Okay,” kapagdaka’y sabi nito. “Here’s my calling card. Call me tomorrow at sasabihin ko sa ’yo kung kailan tayo puwedeng magkita.”

Kinuha niya kaagad ang tarheta, ibinulsa at saka nagpasalamat sa lalaki.

Pinasibad na nito ang sasakyan.

Hindi nawalan ng pag-asa si Wynnie. Bumalik siya sa bahay at nag-doorbell nang sunud-sunod.

Isang matabang matandang babae ang lumabas. Nakauniporme ito ng checkered na blue at puti. *Siguro mayordoma*, naisalob niya.

“Bakit? Ano ang kailangan mo?” tanong nito sa kanya.

“Reporter ho ako.” Ipinakita niya ang ID. “Gusto ko lang pong magtanong tungkol sa nangyaring krimen kahapon.”

“Naku, hindi kami puwedeng mag-entertaining sa mga imbestigador,” tanggi nito.

Napangiti si Wynnie sa baluktot na Ingles ng

babae pero hindi siya nagpahalata. “Ayaw n’yo ho bang mababanggit ang pangalan ninyo sa pahayagan? Kayo rin, pag nabasa ng mga kamag-anak n’yo ’yon tiyak na matutuwa sila,” pambobola niya.

“Talaga?” Kumagat na ang mayordoma.

“Oho.”

“Sige. Pasok ka. Doon tayo sa loob magkuwentuhan pero madali lang tayo, ha? Baka kasi babalik si Sir Larry at madatnan tayo rito. Magagalit iyon.”

Binuksan nito ang gate at pinapasok siya.

“Upo ka. Kukuha lang ako ng maiinom natin,” sabi nito. Pumunta ito sa kusina. Pagbalik ay may dala na itong dalawang baso ng mango juice.

“Ano ang itatanong mo?” Excited na umupo ang matanda.

“Bakit ho gan’on na lang kailag si Mr. Santos sa pakikipag-usap sa mga reporter na gaya ko?”

“Alam mo, pinagdududahan kasi ng mga pulis, lalo na si Lt. Peralta, na may kinalaman ang magkapatid na sina Sir Larry at Ma’am Cherie sa pagkamatay nina Mr. and Mrs. Santos. Kaya galit na galit ang magkapatid,” paliwanag ng matanda.

“Pero wala pa naman hong sapat na ebidensya ang mga pulisya para husgahan sila.”

“Oo nga. At kanina’y kagagaling lang ng mga grupo ni Lt. Peralta upang mag-imbetiga ulit. Nagkainitan sila. Nagalit si Sir Larry. Kaya ipinagbawal na niyang huwag kaming mag-entertaining ng mga bisita kapag wala sila. Lalo na sa mga pulis at reporter.”

Biglang bumangon ang inis sa dibdib ni Wynnie sa Lt. Peralta na iyon. Dahil sa lalaki, pati sila ay nadadamay.

Marami pa siyang itinanong sa matanda tungkol sa krimen bago siya tumuloy sa presinto. Ang balak niya ay kausapin at kunin ang panig ng mga pulis, partikular na si Lt. Peralta.

Ngunit nalaman ng dalaga na wala ang lieutenant. Kaaalis lang daw nito at may pinuntahang raid sa Tondo. Hindi raw alam kung ano oras ito babalik.

Nadismaya siya sa nalaman. Nagtanung-tanong na lang siya sa mga pulis na naka-assign sa kaso ng mag-asawang pinaslang. Ayon sa mga ito, maraming anggulo ang dahilan ng pagpaslang ng kriminal sa mag-asawa. At base sa findings at reports ng officer-in-charge ay matibay na dahilan ang malaking kayamanan ng mga Santos. At pinaghihinalang sina

Cherie at Larry Santos ang kasabwat sa krimen.

Hindi kumbinsido si Wynnie sa nalaman pero hindi na niya sinabi sa mga ito ang kanyang opinyon.

Pagdating niya sa opisina ay gabi na. Tinipa niya ang report para sa edition ng kanilang newspaper kinabukasan.

Mag-uumaga na nang makatulog si Wynnie kaya ang laki ng eye bags niya paggising kinaumagahan. Naghanda siya sa kanyang pagpasok. Nag-jeans siya ng kulay blue, puting t-shirt, sneakers at jacket na ginagamit ng mga reporter.

Bago umalis ay tinawagan muna niya si Larry Santos upang humingi ng appointment. Pumayag naman ang huli na magkita sila nang hapong iyon bandang alas cinco y media sa opisina nito sa Makati. Bumalik siya sa presinto upang makausap nang personal si Lt. Peralta pero sa malas ay wala na naman ito. Pumunta na lang siya sa burol nina Mr. and Mrs. Santos.

May babaeng nakadamit ng puti pagdating ni Wynnie roon. Tanya niya ay si Cherie Santos ang babae. Wala si Larry. May inaasikaso raw, sabi ng nakausap niyang matanda na kapatid ng namatay na

si Mr. Santos. Hindi siya nagpakilala bilang reporter at saglit lang siya roon.

Nagbababad siya sa Quad, Makati nang makitang maaga pa. Minabuti niyang gumawa na lang ng report para sa kinabukasang edition ng kanilang diyaryo.

Alas cuatro y media nang magpunta siya sa opisina ni Larry. Magalang siyang binati ng lalaki.

“Sit down,” alok nito sa kanya.

“Thank you, Mr. Santos.”

“Now, what do you want to know about the case?” tanong nito kaagad sa kanya pagkaupo niya sa silyang nasa harapan ng mesa nito.

“Gusto ko lang po sanang makuha ang panig ninyo tungkol sa nangyari sa mga magulang ninyo. But before we go on, I would like to extend my condolence to your family,” matapat niyang sabi.

“Thank you, Miss Sebastian. By the way, I’m sorry for being rude yesterday. Akala ko kasi’y kagaya mo ang mga reporter at pulis na nagdududang kasangkot kami ni Cherie sa pagkamatay ng mga magulang namin.” Naaaninag ang galit sa mukha ng lalaki.

“Naiintindihan ko ang damdamin ninyo, Mr. Santos.”

“Umaasa akong sa pamamagitan ng pag-uusap nating ito’y maliwanagan ang lahat. Siyanga pala, gusto kong sabihin sa iyo na kaya ginusto kong dito tayo magkita dahil nangangamba akong magdagsaan ang mga reporter kapag nalamang nagpa-interview ako.”

“Naiintindihan ko ho. At sisikapin po nating mabigyang sagot ang mga haka-haka ng marami.”

“Mahal na mahal namin ang Mama at Papa. Malaki ang utang na loob namin sa kanila. Itinuring nila kaming parang tunay na anak kahit ampon lang nila kami. At iyon ang ikinasasama ng loob namin sa mga taong humuhusga sa amin. Napakawalanghiya naman nila para gawin iyon.”

Nabagbag ang damdamin ng dalaga sa ipinahayag nito.

“Galit ako sa Lt. Peralta na iyon,” patuloy nito. “Akala mo kung sinong magtanong. Napakaraming pagdududahan, bakit kami pa ni Cherie? Isa pa, noong mangyari ang krimen ay nasa Batangas ako upang mag-attend ng meeting sa sister company namin. Si Cherie naman ay nasa Baguio City noon at nagbabakasyon. Nagulat na nga lang kami when we heard the news na patay na sina Mama at Papa,” dagdag na paliwanag ng lalaki.

Matiyagang nakikinig si Wynnie habang nagsasalita ito. At marami siyang nalaman tungkol sa pamilya nito, sa kanilang pamumuhay at samahan bilang pamilya.

Mahaba ang kanilang pag-uusap na humantong sa dinner date nang mapansin nilang madilim na pala at nagrarambulan na ang mga bituka ng kanilang tiyan.

Magaan kaagad ang loob ni Wynnie kay Larry. Nang umuwi siya ay inihatid pa siya ng lalaki sa apartment na inuupahan niya bago ito pumunta sa burol ng mga magulang.

Ipinakilala niya si Judy sa lalaki nang madatnan nila ito roon. Kasama niyang umuupa ang kaibigan sa dalawang palapag na apartment. May dalawang kuwarto sa itaas. Sa baba naman ay kusina at sala. Tamang-tama lang ang laki ng bahay para sa kanilang dalawa. Hati sila sa lahat ng gastos; walang lamangan. At dahil dito ay mas lalo pang naging close ang dalawa. Lahat ng sekreto ng bawat isa ay nalalaman nila.

Hindi nagtagal ang lalaki sa kanila at umuwi rin ito kaagad.

“Sino ’yon? Bagong manliligaw?” tukso sa kanya

ni Judy pagkaalis ni Larry.

“Hindi, ah! Ikaw talaga, ang bilis ng utak mo. Anak po siya ng pinaslang na mag-asawang ini-assign sa akin para i-cover. 'Yong sinasabi kong headline kahapon?”

“Akala ko’y kung sino na. Siyanga pala, tumawag kanina si Norman,” pagbabalita nito.

“Ano’ng sabi?”

“Tatawag na lang daw ulit,” sagot nito. “Mauuna na akong matulog. Maaga pa akong magigising bukas.”

Hindi pa siya sumunod sa kaibigan para matulog. Pinaglamayan niya ang report na isusumite kinabukasan.

Abala siya sa pagtipa sa kanyang typewriter nang mag-ring ang telepono sa kanyang tabi. Kaagad na dinampot niya iyon.

“Gising ka pa?” Si Norman ang nasa kabilang linya.

“Tinatapos ko kasi ang report ko para bukas.” Hinimas-himas ni Wynnie ang nangawit na leeg.

“Huwag kang masyadong magpupuyat. Baka

mamaya, anemic ka na. Kapag kasal na tayo'y mas makabubuti sigurong mag-resign ka na lang sa trabaho mo.”

“Puwede ko namang pagsabayin ang pagiging housewife at working woman, ah.”

“Pero mahihirapan ka,” salungat nito.

“Hindi,” matigas niyang tanggi.

“Honey—”

“Norman, kailangan na naman ba nating pagdiskusyunan ito? Di ba sabi ko naman sa iyong hindi ko maiiwanan ang trabaho ko? Alam mo namang hilig ko ang trabahong ito. Akala ko'y naiintindihan mo,” nagtatampong sabi niya.

“Honey, hindi sa gan'on. Kaya lang inaalala kita. Hindi mo sigurado ang kaligtasan mo sa trabaho mong iyan. And I can't bear to lose you. I love you so much,” madamdaming saad nito.

Tumaba ang puso niya sa narinig. “Iyan ang gusto ko sa iyo. Lalo kang napapamahal sa akin.”

“I love you. Sige, ibababa ko na ang telepono para matapos mo na ang ginagawa mo't makatulog ka na. Huwag kang masyadong magpupuyat, ha?” bilin nito.

“Oo. 'Bye. I love you.”

Halos magkasabay nilang ibinaba ang telepono.

Matapos maibigay ang report sa editor-in-chief nila kinaumagahan ay nagtuloy si Wynnie sa presinto upang magtanong ulit sa development ng kaso.

Siguro nama'y nandito na ang Lt. Peralta na 'yon, naisaloob niya nang bumababa na siya sa taxi.

“Wala siya,” sagot sa kanya ng pulis na naka-duty sa information desk.

“Baka naman ho nagtatago lang si Lt. Peralta dahil takot humarap sa mga reporter,” galit niyang komento at saka na tumalikod.

Ang haka-haka na kasabwat sina Larry at Cherie sa pagkamatay nina Mr. and Mrs. Santos ay namatay bigla nang ilabas ni Wynnie ang report tungkol sa pinag-usapan nila ni Larry nang nagpa-interview ang lalaki sa kanya. Malaki ang pasasalamat nito sa naging resulta ng usapang iyon.

Naging dahilan iyon upang maging malapit ang lalaki sa kanya. Tinapat niya ito kaagad, sinabing may

nobyong na siya at malapit nang ikasal. Nadismaya ito sa nalaman pero hindi pa rin naputol ang kanilang pagkakaibigan.

Dalawang beses pang bumalik si Wynnie sa presinto pero hindi pa rin niya nadatnan si Lt. Peralta na matagal na niyang gustong makausap. Hindi niya alam kung sinasadya nito iyon o nagkakataon lang. Kinausap na lang niya ang ibang pulis doon na naka-assign sa kaso.

Inilibing ang mag-asawang Santos pagsapit ng ikawalong araw mula nang pinaslang ang mga ito. Kasama niya si Norman na nakipaglibing.

Lumipas ang isang linggo, dalawang linggo pero wala pa ring resulta ang kaso. Tingin nga ni Wynnie ay unti-unting namamatay iyon. Ni walang suspects na matukoy ng pulisya maliban kina Larry at Cherie.

Kaya hindi niya napigilang tuligsain sa isang column sa diyaryo nila na karaniwang inilalaan para sa reporters na kagaya niya, ang mabagal na sistema ng paghawak ng pulisya sa kaso. Binanggit pa niya ang pangalan ni Lt. Peralta at sinabing ayaw nitong humarap sa media.

2

“Sino ang reporter na Sebastian na ito para akusahan ang departamento natin? Wala siyang karapatang sabihin na nagpapabaya ako sa trabaho!” Galit na galit si Lt. Peralta pagkabasa sa pang-umagang pahayagang inirarasyon sa kanilang opisina araw-araw. Ipinatawag niya si Sergeant Garcia sa kanyang tanggapan.

“Eh, Sir, si Miss Sebastian ang field reporter ng *Truth* newspaper na naka-assign upang i-monitor ang kaso nina Mr. and Mrs. Santos,” sagot ni Sgt. Garcia.

“Bakit hindi ko nakikitang pumupunta rito?”

“Kapag pumupunta ho kasi siya’y nagkakataong wala kayo kaya kami na lang ang sumasagot ng mga tanong niya,” paliwanag nito.

“Kaya sinabi nitong Sebastian na ’to na nagtatago ako, gan’on! Minsan lang naman yata pumunta rito at nagkataong wala ako’y kung anu-ano na ang isinusulat niya sa pahayagan!”

“Sir, limang beses na hong nagpunta rito si Miss Sebastian,” atubiling sagot ni Sgt. Garcia.

“Ano!” Napatayong bigla sa kinauupuan si Lt. Peralta. “Ba’t hindi n’yo sinasabi sa akin?” Nag-salubong ang mga kilay niya.

“Akala ho kasi namin, Sir, hindi na mahalaga kaya hindi na namin sinasabi sa inyo.”

“Akala, akala! Diyan kayo magaling. Ilang beses ko na bang sinasabi sa inyo na maraming namamatay sa akala!”

Hindi sumagot ang pinagsabihan. Nanatiling tahimik habang nakikinig sa sermon ng superior nito.

“Ano ang sinabi n’yo kay Sebastian noong pumunta rito? Nagbanggit ba kayo ng suspect?”

“Hindi, Sir. Hindi nga niya alam ang development ng kaso kaya sinabi na wala tayong ginagawa,” maagap na sagot ni Sgt. Garcia.

“Dapat! Tayong dalawa lang ang nakakaalam niyon.”

“Kaya hindi ho natin masisisi si Miss Sebastian kung ganoon ang isinulat niya sa peryodiko.”

“Anong hindi? Teka muna, Garcia. May nahahalata ako, ah. Kanina mo pa ipinagtatanggol ang Sebastian na iyon. Palagay ko’y may tama ka sa kanya, ano?” Nananantya ang tingin ni Lt. Peralta kay Sgt. Garcia.

Namumulang nagkamot ng ulo ang kausap. Kahit hindi magsalita ay halatang buking ito.

“Maganda ba?” tanong niya.

“Maganda, Sir. Mabait at matalino pa. Sayang nga lang at hindi niya kayo natsatsambahan kapag pumupunta rito. Kasa-kasama pa nga niya si Larry Santos, ang anak ng mag-asawang napaslang.”

“Hmm.... Mukhang may tama ka nga. Sige, ibabalato ko na lang siya sa 'yo. Ang dami naman diyan.”

Super guwapo si Lt. Peralta kaya malakas ang loob niyang tumanggi. Mga babae ang humahabol sa kanya pero hindi siya mabihag-bihag. Iisa lang ang gusto niya na hanggang sa sandaling iyon ay hindi pa nahahanap.

“Ang kaso, parang ayaw sa akin, Sir.”

“Tsk, tsk! Kawawang Garcia. Sige, ituloy mo na ang iyong ginagawa. Pero huwag mo akong kakalimutang tawagin kapag nadalaw ang Sebastian na 'yon dito. Gusto ko siyang makaharap,” utos niya.

“Yes, Sir,” anito na sumaludo na sa kanya bago umalis.

Pagkasara ni Sgt. Garcia sa pintuan ng silid-

tanggapan niya ay bumalik na siya sa kanyang ginagawa.

Isang grupo ng reporter ang dumayo sa headquarters nina Lt. Peralta nang sumunod na araw para mag-interview tungkol sa isa pang kasong hinahawakan ng lieutenant.

Akala ng lalaki ay grupo ni Miss Sebastian ang mga ito kaya lumabas siya kaagad pero mali pala. Nang tanungin siya kung ano ang komento niya tungkol sa sinabi ni Miss Sebastian na mabagal daw silang maglutas ng kaso ay nagsalita na siya.

“Yan ang gusto kong liwanagin. Maling-mali ang akusasyon ng Sebastian na iyon sa departamento namin. Sana man lang ay kinausap niya ako bago nagsulat ng gan'on sa pahayagan. We already have suspects in the slaying of Mr. and Mrs. Santos but we can't reveal their identities as of now.”

“But according to Miss Sebastian, palagi daw ho kayong wala kapag nagpupunta siya rito,” sagot ng isang reporter.

“That's true. But it doesn't mean na pinagtataguan ko siya. She's a nobody para gawin ko iyon sa kanya. Isa lang siyang field reporter,” galit niyang sagot.

“Ano ang development sa kaso, Lieutenant?”

“We are working on it,” maikling tugon niya.

Marami pang itinanong ang mga reporter na sinagot niyang lahat.

“Akala mo kung sinong magsalita! Makikita niya, patutunayan ko sa kanya na hindi lang ako basta-basta reporter.” Nagpuputok ang butse ni Wynnie nang matunghayan ang interview kay Lt. Peralta ng reporter ng karibal nilang pahayagan. Parang gusto niyang sugurin ang lalaki sa opisina nito.

Bago tanghali ay umalis si Wynnie sa opisina. Pumunta siya sa isang restaurant para mananghalian.

Pinili niya ang dulong lamesa nang pumasok. Mula roon ay nakikita niya ang mga taong pumapasok sa pintuan. Nakagawian na niyang sa ganoong lugar pumupuwesto simula nang estudyante siya. Ang dahilan ay upang hindi siya mahalata ng mga taong sinusubaybayan niya and at the same time, upang makita niya ang lahat ng pumapasok sa pintuan.

Nag-order siya ng pagkain. Palinga-linga siya habang naghihintay. Nang bigla siyang may mamataan sa may pintuan. Isang lalaki at isang

babae. Nakaabrisiyete pa ang babae sa braso ng lalaki.

Kilala niya ang mga ito—sina Larry at Cherie Santos!

Babatiin sana niya ang dalawa nang umupo malapit sa kinauupuan niya pero nagdalawang-isip siya.

“Here’s your order, Ma’am,” sambit ng waiter na umagaw sa kanyang pansin.

“Salamat,” aniya rito. Sinimulan na niya ang pagkain.

Nagulat si Wynnie nang biglang marinig ang malakas na pagtawa. Napalingon siya sa kalapit mesa at ikinagulat ang nasaksihan. Walang pakundangang naghahalikan sina Larry at Cherie!

Pero di ba magkapatid sila? Bakit ganito ang mga ikinikilos nila? Iyon ang humihiyaw na tanong sa kanyang isipan.

Mayamaya ay iwinaglit niya ang pagdududa at pinagtuunan na lang ng pansin ang kinakain. Ngunit manaka-naka ay napapasulyap siya sa gawi ng dalawa.

Pagkakain ay nagmamadali siyang umalis sa

restaurant. Aywan niya pero parang ayaw niyang makita siya ng mga ito. Hindi pa niya matumbok ang dahilan. Basta ang alam niya ay may kakatwa sa ikinikilos ng mga ito. At iyon ang aalamin niya.

Nagkubli siya sa isang kotseng nakaparada sa gilid ng kalsada. Nasa kabilang kanto ito pero natatanaw mula roon ang paglabas nina Cherie at Larry sa restaurant.

Dalawampung minuto pa ang lumipas at lumabas na ang mga ito. Nakaabrisiyete pa rin ang babae kay Larry. Sumakay sila sa kulay itim na *Pajero*.

Pumara siya ng taxi.

“Mama, sundan n’yo ho ang *Pajero* na iyon,” kaagad niyang sabi sa driver. Itinuro niya ang sinasakyan nina Larry at Cherie na hindi pa gaanong nakakalayo. “Pero huwag po kayong magpapahalata.”

Iyon ang ginawa ng taxi driver.

Malayu-layo rin ang tinahak ng kotseng sinusundan nila. Umabot na sa dalawang daan ang patak ng metro ng taxi. At binibilang na niya sa kanyang isipan kung magkakasya pa ang pera sa kanyang wallet.

Nagmenor ang kotse, tumigil sa isang bungalow

Babalikan Ko Ang Akin - Chelsey Ledesma

na may kalakihan din. Nasa may kahabaan iyon ng Morayta. Pumasok sina Cherie at Larry sa loob.

Naghintay ang dalaga sa labas. Nang sampung minuto na ay hindi pa lumalabas ang mga ito, nagpasya na siyang umalis. Babalikan na lang niya ang lugar na iyon, aalamin kung ano at sino ang nasa loob ng bahay.

“Tayo na ho, Mama,” utos niya sa driver.

“Saan tayo ngayon?”

“Sa Makati ho.”

“Kanina pa ako naghihintay sa iyo, ah,” bungad ni Norman pagdating ni Wynnie. Nakaupo ito sa sofa na nasa receiving area ng kanilang opisina.

“Sorry, may nirespondehan kasi akong report. Nang pabalik na ako rito’y naipit naman ako ng traffic,” sagot niya. “Teka, bakit ka nandito? Di ba dapat nasa Tacloban City ka ngayon?”

“May kinuha akong mahahalagang papeles sa main office namin kaya dumaan na ako rito. Babalik din ako mamayang ten o’clock ng gabi kaya halika na’t sayang ang oras.”

“Hintayin mo ako rito. May kukunin lang ako sa mesa ko.”

“Dalian mo.”

“Oo,” aniyang nagmamadali nang pumasok.

Kumain muna sila sa labas bago siya inihatid ng nobyo sa apartment nila ni Judy.

“A penny for your thoughts, Honey,” baling sa kanya ni Norman habang nagda-drive.

“Ha?” baling niya rito. “Wala, napagod lang ako kaya wala ako sa mood.”

“Kung sana kasi’y hindi ka na nagtatra—”

“Hayan na naman tayo,” pigil niya sa sasabihin nito.

“Okay. Wala na akong sinabi.”

Hindi siya umimik, ibinaling ang tingin sa daan. Lumilipad ang isip niya sa mga sari-saring tanong na kailangang mahanapan ng kasagutan. Baka iyon na ang susi sa paglutas sa pagpaslang kina Mr. and Mrs. Santos. Pero hindi ibig sabihin ay pinagbibintangan niya sina Larry at Cherie sa nangyari. Wala pang sapat na ebidensya laban sa mga ito.

“Honey, are you with me?” pukaw ni Norman sa

kanyang pag-iisip.

Nagulat siya sa pagkalabit nito sa kanyang balikat. “Ano’ng sabi mo?”

Napakamot ito sa batok. “Sabi ko, nakapili ka na ba ng traje de boda na isusuot mo sa kasal natin? Saka nailista mo na ba ang pangalan ng mga taong iimbitahin natin?”

“Malayo pa naman, eh. We have plenty of time to prepare.”

“Kailangan simulan mo na ang pagre-ready ng mga iyon. Ayaw ko ng may kulang kahit na isa. Gusto kong maging maganda ang kasal natin. I want the best for you,” madamdaming sabi nito.

“Alam mo, kahit simple lang ang kasal natin ay okay lang sa akin. As long as nagmamahalan tayo. At saka bakit ba masyado kang apurado?”

“Talaga. Halos hindi na ako makapaghintay. Mahirap na, baka maagaw ka pa sa akin. You know how much I love you. At alam mo nang nahihirapan akong magtimpi kapag katabi kita. Pero huwag kang mag-alala, ihaharap kita sa altar na malinis. Kasing-linis ng traje de boda mo.” Pinisil pa nito ang kanyang baba bago itinuon ang mga mata sa daan.

Babalikan Ko Ang Akin - Chelsey Ledesma

Napalunok si Wynn timer. Hindi pa alam ng nobyo ang nangyari sa kanya may ilang taon na ang nakakaraan. Noong bago pa silang magnobyong ni Norman ay tinangka na niyang sabihin dito pero hindi siya nagkaroon ng lakas ng loob na ipagtapat ang lahat. Natatakot siyang hindi siya maiintindihan nito.

At ngayon nga ay ikakasal na sila sa susunod na buwan. Gusto na niyang sabihin dito ang kanyang lihim pero naghahanap pa siya ng tamang pagkakataon.